Glenbow Ranch Park Foundation

Alberta Parks

# GLENBOW RANCH
## Provincial Park




Photo Credit: Linda Vick

**Tagalog**

# ANG SIMULA

Ang malawak na lupain ng Rantso ng Glenbow ay may mayamang kasaysayan na umaabot na sa ilang libong taon. Nagsimula ito sa mga katutubo na nangangaso ng mga bison, hanggang sa mga kauna-unahang nanahan, at mga industriya gaya ng paggawa ng bato at laryo. Sa ngayon ay ginawa ang Rantso bilang isang protektadong lugar para sa ikalulugod ng bawat isa. Nuong 2006, umabot sa 1,314 na hektarya (3,247 acres) na lupain ang malugod na ipinagkaloob ng pamilyang Harvie sa pamahalaan ng Alberta. At nuong Abril 2008, pormal itong itinatag bilang isang Liwasang Panlalawigan (Provincial Park). Sa pamamagitan ng natatanging pagsuporta ng Pamahalaan ng Alberta nalikha ang Glenbow Ranch Park Foundation o GRPF upang alalayan ang pagsasagawa at pagpapaunlad ng Liwasang Panlalawigan na kung tawagin ay Glenbow Ranch Provincial Park. Ang GRPF ay gumawa mg halos 30 na mga landas (trails) sa bung liwasan upang magamit ito ng mga bisita na gustong maglakad, magbiseklita, naka-roller blades, naka-skate boards at pati na rin sa mga bisitang nakasakay sa silyang de gulong (wheelchair). Ang GRPF ay nagagalak na magbigay sa inyo ng kaalaman patungkol sa Liwasan na sa ngayon ay nasa iba't-ibang wika at ikinalulugod namin na makita kayo sa lugar na ito.



# INDIGENOUS BEGINNING

Ang Arkeolohiya o pag-aaral sa mga kalinangan ng tao ay may napakahalagang papel na ginampanan sa pag-aaral ng natatanging kasaysayan ng lugar na ito. Gaya ng mga tiktik (detectives), sinuri at binusisi ng mga Arkeologo (Archeologists) ang mga patung-patong na lupa at mga bato sa paghahanap ng mga makasaysayang pangyayari sa lumipas na daan-daan o maaring libu-libong taon. Dito sa liwasan, patuloy pa rin silang nakakakita ng mga bagong katibayan na naglalahad na ang kuwento ay di pa natatapos.

Ang pinaka-maagang palatandaan sa mga tao sa Alberta ay mga maliit na "campsites"o kampingan na tinatayang may 11,500 taon na.Sa loob ng liwasan mismo ay nakatuklas ang mga Arkeologo ng humigit kumulang 30 na sityo (site) sa panahong iyon. Pinaniniwalaan na ang mga kampong ito ay inuokupahan o ginamit ng mga maliliit na grupo ng mga pamilya na nangangaso ng bison sa kapatagan. Maaring paghahalaman at paghuhuli ng maliit na hayop at ibon ang kanilang kinabubuhay at pinagkukunan ng gamot, subalit ang pang-matagalang kaligtasan nila ay nakasasalay sa kanilang kasanayan bilang mangangaso ng Bison. Ang uri ng hayop na ito ang nagbigay ng karamihan ng kanilang pangangailangan tulad ng karne at utak ng buto (marrow) para sa pagkain, mga buto para sa mga kasangkapan o kagamitan, at ang kanilang balat ay ginagawang dampa (tipi) at para sa kanilang mmga kasuotan. Sa ngayon, ilang mga labi ng "tipi rings" o paikot na hulmahan ay makikita pa rin sa Liwasan.



*Photo Credit: Ken Wright*

# PAG-RARANTSO

Ang kabuoan ng Liwasan or Glenbow Ranch Provincial Park ay may kakaibang kasaysayan ng pag-rarantso o pag-aalaga ng mga baka. Sa dulo ng ika-19 na siglo, ang lupang ito ay bahagi ng Rantso ng Cochrane (Cochrane Ranch): ang kauna-unahang lupa na pinaupahan ng pamahalaan bilang isang rantso. Ang kasunduan sa pag-upa ay isang sentimo bawat isang acre o kalahating hektarya kada taon. Ang rantso ay itinatag ni Senador Matthew Cochrane upang gawin itong alagaan ng mga baka. Subalit, ang pagdadala ng mga baka sa ari-arian ay nagdulot ito ng maraming kumplikasyon o problema na di inaasahan. Isa sa mga ito ay ang paglalakbay ng mga hayop na manggagaling pa sa Montana sa Estados Unidos. Kung mamadalliin ang pag-biyahe sa mga ito, papayat at hihina ang mga hayop at di nila kakayanin ang tag-lamig. Datapwat, naulit pa ang pangyayaring ito sa sumunod na taon at tinatayang mahigit na 5000 na mga baka ang nangamatay sa taong 1882-1883. Dahil dito, nagpasya ang pamunuan ng Rantso ng Cochrane na kanselahin o isuko ang naunang plano sa inupahang lupain. Kaya nuong 1888, hinati-hati ang lupain at ang lugar na nasa timog ng ilog ay nabalik sa pamahalaang pederal at nilayon ito na ibenta o maging “homestead”.



Photo Credit: Pat Price

# UNANG HOMESTEADERS/ TIBAGAN NG BUHANGING-BATO

Nuong 1883, nilisan ng mag-asawang Joseph at Elizabeth Cockbaine ang Englatera upang manirahan sa Canada at tumira sila sa lugar na ngayon ay tawaging Glenbow Ranch Provincial Park. Nagtayo sila ng bahay, kuwadra, kamalig, malaking bakod, at 5 koral para sa kanilang mga alagang 22 baka, 7 kabayo, at 2,0000 tupa.

At sa taong 1905, opisyal na naging lalawigan ang Alberta at nagkaruon ng agarang pangangailangan ng bato na para sa pagtatayo ng mga gusali gaya ng batasan, korte at mga unibersidad. Ang Glenbow ay isa mga tibagan ng sandstone (buhanging-bato) sa buong lalawigan na nagtustos ng mga materyales para sa mga proyekto. Sa panahong ito, dumami ang populasyon ng Glenbow at isang isang bayan ang umusbong kalakip ang pagtayo ng tindahan, pos-opis, paaralan at istasyon ng tren. Hindi lumaon, pagkatapos na naipatayo ang istruktura ng pamahalaan, ang pangangailangan ng "sandstone" ay natapos din. At nuong 1912, nagsara ang Patibagan ng Glenbow.




Photo Credit: Glenbow Museum

# PAGAWAAN NG LARYO

Hindi nagtagal pagkatapos na maisara ang Glenbow Quarry, isang pagawaan ng laryo naman ang itinayo malapit sa lugar ng tindahan ng Glenbow. Marami sa mga dating kawanihan ng tibagan ang tinanggapupang gumawa ng laryo. Ang pagawaang ito ay angkop na nakatayo sa pagitan ng dating hukay ng tibagan (quarrry pit) para sa pangangailangan putik at ang ilog ng Bow para naman sa pangangailangan sa tubig.

Malapit din ito istasyon ng tren para naman sa pagdadala ng laryo sa iba't-ibang lugar.  Subalit, dahil sa Unang Digmaaan ng Mundo (WW1), tuluyang tinigil ang operasyon ng paggawa ng laryo. Sa ngayon, ilang mga bloke ng pundasyon at ilang tumpok na hindi nagamit na laryo ang makikita sa lugar.

Nakilala ang komunidad ng Glenbow dahil sa dalawang operasyon na ito.Gayunman, pagkatapos na magsara ang mga ito, umalis ang mga naninirahan sa lugar upang humanap ng ibang mapagkakakitaan. Ang mga ilang gusali sa mismong bayan ay inilipat at ang iba naman ay nasunog. Sa huli, nuong 1920 ang tindahan at ang pos-opis ay isinara at ang naiwan na lamang na nakatayo ay ang balangkas na kahoy ng gusali na katabi ng ilang tumpok ng laryo. Ang minsang masiglang pamayanan ay nagmistulang bayan ng mga kaluluwa o ghost town.



# PAANO NALIKHA ANG LIWASAN

Ang Glenbow Ranch Provincial Park ay akmang nasa pagitan ng Lungsod ng Calgary at bayan ng Cochrane sa tabi ng ilog ng Bow.Ang lupain ng Glenbow ay mainam para sa pagpapaunlad ng pabahay, subalit inilaan ito bilang isang likas na lugar para sa pampublikong kasiyahan. Dahil na rin ito sa malaking kagandahang loob ng pamilyang Harvie.Taong 1934 nang binili ni Ginoong Eric Harvie ang lupain at ginagawang rantso na minana naman ng kanyang anak na si Neil Harvie at tinuloy ang pangangsiwa ng lupain hanggang sa 1950s. Nakita niya ang likas na kagandahan ng lupain pati na rin ang bumabadyang banta ng pag-unlad. Dahil dito, pinondohan nya ang pananaliksik sa mga alituntunin ng pamahalaan tungkol sa pag-kakaloob o pagdodonasyon ng lupa.Hinangad nyang mabago ang mga patakaran sa pagbubuwis sa mga lupang ipinagkaloob. Pangarap niyang ma-protektahan ang lupain at bagama't hindi ito natupad sa kanyang kapanahunan,sinugurado ng mga anak naman niyang sina Pauli Smith, Carol Raymund, Katie Harvie at Tim Harvie na maisakatuparan ito. At nuong 2006, ipinagkaloob ng magkakapatid na Harvie ang humigit-kumulang na 3427 acres (1,314 na hektarya) ng lupa sa pamahalaan ng Alberta upang gawin itong liwasang panlalawigan at upang ma-protektahan ang lupain sa hinaharap.



Photo Credit: Glenbow Museum

# ANG LIWASAN NGAYON

Hanggang sa ngayon, ang Glenbow Provincial Park ay itinuturing na isang pambihirang lugar para sa pananaliksik, edukasyon, pampublikong aliwan at kasiyahan. Ito ay tahanan ng iba't-ibang uri mga halaman at hayop. Mayroon din ito moseyk ng kakahuyan at damuhan at ilang bahagi ng tabing tubig. Ang GRPF ay isang samahang hindi-pangkalakal at tinataguyod nito ang pagsulong ng liwasan. Nasa kanilang pananagutan ang pag-sasaayos ng mga daanan, visitor centre, mga karatula, at lahat ng iba pang mga programa sa buong liwasan. Mula sa pamamasyal gamit ang golf cart hanngang sa palatuntunang pampamilya, pati na rin ang palatuntunang-pakikiramay o outreach program ng mga paaralan. Lahat ng mga ito ay pinangungunahan at ginagawa ng GRPF.

*"Sa lahat ng mga taong bibisita sa Panlalawigang Liwasan ng Glenbow, ang hangad ko ay ito: busugin ninyo ang inyong kaisipan at mga pandama habang masayang namamasyal." ~ Tim Harvie*



# ENJOY YOUR VISIT!

## Mga alituntunin sa liwasan

- Manatili sa mga itinakdang landas at sundin ang mga palatandaan.
- Ang mga asong walang tali ay hindi pinpayagan.
- Inisin at ilagay sa tamang lagayan ang mg dumi at alagang aso bawal ang alak.
- Huwag alisin ang mga makasaysayan at natural na palatandaan.

## Mamasyal ng handa

- Magsuot ng makapal 0 patung-patong na damit at angkop na sapatos.
- Tandaan na ang ilang bahagi ng daan ay matarik at peligroso.
- Tandaan na ang paradahan , banyo at patunguhang tanawin ay malayo sa isa't-isa.


## Masayang pamamasyal!

*Tangkilikin ang inyong liwasan! Maging miyembro ng GRPF at magsaya:*

- De-koryenteng kasulatang balitaan
- Libreng pagpasok sa *Park Talks*
- 15% diskuwento sa mga programa at kagana pan sa liwasan.



*Photo Credit: Pamela Reid*


Range Road 35
Cochrane
Glenbow Road
1A
Bow Valley Trail
1A
Calgary
Windmill Lookout
Waverley Chimney
Bowbend Junction
Corrals
Glenbow Store
Glenbow Village
Bow River
1
2
3
4
5
6
7
8
9
10
LEYENDA NG MAPA
Paradahan
Buletin ng Inpormasyon
Lugar na Ginagamit sa Araw
Banyo
Lugar ng Panuuran
Opisina ng Liwasan
Tawiran sa Riles ng Tren
Sementadong Daan/Landas
Liwasang Panlalawigan ng Rantso ng Glenbow
Area Under Ministerial Closure
Mabatong Daan
Sementadong Lansangan
Contours Lines
(Sampung metro ang patigan)
Tren
Mabatong Landas
Mabatong Landas
(Caution, winter grazing, cattle at large)
0 0.5 1 2
Kilometro
Glenbow Ranch Park Foundation
Alberta Parks
Mayo 2018

# PAGLALARAWAN NG MGA LANDAS

**1 Ohales ng Tiger Lily (1.4 km, 20 min lakbay)**
*Panimula:* Dumaan sa bandang kanluran ng paradahan o sa silangan ng opisina ng liwasan. Ang Ohales ng Tiger lily ay pababa sa isang batis na nakakubli sa kakahuyan. Tunghayan ang kaaya-ayang tanawin sa kanlurang bahagi na matatanaw sa "viewpoint" of pangmalas sa kanlurang bahagi ng hilagang dulo ng landas o trail.

**2 Ohales ng Yodel (2.1 km, 35 min lakbay)**
*Unahan:* Mula sa landas ng Glenbow, ang ohales ay dadalhin ka sa isang maganda at mataas na bahagi kung saan matatanaw mo ang malawak na lambak ng ilog ng Bow. Makikita dito ang karatula at dalawang "viewpoint" na naglalarawan sa kultura at natural na kagandahan ng lugar.

**3 Landas ng McPherson (2.5 km, 40 min)**
*Panimula:* Paakyat pahilaga mula sa sa landas ng Bowbend, ang landas na ito ay dadaan sa linya ng mga puno at lagaslas ng tubig mula sa batis ng McPherson. Mula sa landas na ito makikita ang mga kahanga-hangang tanawin na aabot hanggang sa "Rockies" o kabundukan.

**4 Landas ng Glenbow (3.1 km, 1 oras)**
*Unahan:* Pababa mula sa paradahan sa pamamagitan ng damuhan patungong nayon ng glenbow (glenbow village), madadaanan mo ang ilan sa mga matayog na mga palatandaan (iconic landmarks) ng liwasan. Ang madamong dalisdis ng burol, lumang pos-opis at tindahan at mga koral na nagpapa-alala sa dating makulay na komunidad ng Glenbow.

**5 Landas ng Bowbend (4.6 km, 1 oras)**
*Panimula:* Sa dulo ng mahabang burol ng landas ng Glenbow, baybayin ang kanluran. I-unat ang mga paa at galugurin ang tanawin na nagpapa-alalasa lumang kalupaan ng Alberta. Akyatin ang burol na tinatakpan ng kakahuyang Aspen at tunghayan ang kagandahan ng landas ng McPherson mula sa burol.

**6 Badger Bowl (1.4 km, 1 oras)**
*Panimula:* Mula sa landas ng Bowbend, baybayin ang timog at tuklasin ang "Badger Bowl". Ang mga puno sa kanluran at mga halaman sa katimugang bahagi ng libis ay nagpapamalas ng sar-sari at kakaibang ekolohiya ng liwasan. Humanda sa mahaba at unti-unting pag-agyat sa kanluran at pagmasdan ang kaaya-ayang tanawin dito.

**7 Ohales ng Ilog Bow (4.8 km, 1 oras 20 min)**
*Panimula:* Magpagala-gla sa buong damuhan sa timog ng riles ng tren. Huwag kalilimutan ang mga tanawin ng makasaysayang "Bow River Horse Ranch" at ang marikit na dalisdis ng burol.

**8 Landas ng Scott (0.9 km, 30 min)**
*Panimula:* Mula sa landas ng Glenbow o sa dulong silangan ng Ohales ng Yodel, ang mapanghamon na baku-bakong pag-akyat hanggang sa gitna ng liwasan ay dadalhin ka sa isang kamangha-manghang tanawin. Makikita sa ibaba ang lambak ng Ilog Bow na umaagos ng milya-milya mula sa Calgary hanggang sa Cochrane.

**9 Daang Masikip (3.3 km, 1 oras)**
*Panimula:* Mula sa dulo ng silangan ng landas ng Glenbow, and makitid na landas ay nagbibigay ng malamig na simoy ng hangin sa kainitan ng tag-araw at kublihan sa pagkagat ng tag-lamig na hangin. Ang masukal na lugar na ito ay mainam para sa mga ibon.

**10 Landas ng Bearspaw (2.2 km, 35 min)**
*Panimula:* Mula sa dulong silangan ng Masikip Na Daan, magagalugad mo ang landas ng Bearspaw. Ang bukas na baltak ng parang sa silangan ng sapa ng Michael (Michael's creek) ay may kahanga-hangang koleksiyon ng mga buklod na dampa (tipi rings). Panatilihing nakabukas ang inyong mga mata bilang paala-la na bago tuluyang umunlad ang lungsod ng Calgary, naging tahanan ito ng mga katutubong tao.


**GLENBOW RANCH PARK FOUNDATION**

255001 Glenbow Road
Cochrane, Alberta
T4C 0B7

403-851-9053
www.grpf.ca
ExperienceGlenbow@grpf.ca


*Ang foundation ay itinataguyod ng inyong kaloob at may kaukulang resibo.*

Alberta Parks